

**“Para sa amin ng aking sambahayan, maglilinghod kami sa Panginoon.”**

*Joshua 24:15*

Ipinahahayag ni Joshua ang kanyang paninindigan at hinahamon tayong magdesisyon kung sino ang ating paglilingkuran. Inaanyayahan niya tayong tanungin ang ating mga sarili kung maglilingkod sa Panginoon ang mga miyembro ng ating sambahayan.

Sino ang pipiliin ninyong paglilingkuran?

## Ang Ating Pag-asa

Ang Konseho ng Paaralang Katoliko ng St. Thomas More Catholic Secondary School ay nagdaos ng mga simposium para sa mga magulang batay sa temang Edukasyong Pang-Katoliko.

Ang ulat ng talakayan ay naglalayong magdulot ng pagninilay-nilay at mas malawak na pag-unawa sa ating misyon bilang mga Katoliko — ang misyon na isa-buhay ang ating Katolikong Pananampalataya sa ating mga tahanan, sa ating mga paaralan at sa ating mga parokya.

**“Bawat uri ng edukasyon, higit pa ryan ay naiimpluwensiyahan ng isang partikular na konsepto kung ano ang kahulugan ng pagiging isang tao.”**

*Lay Catholics in Schools: Witness to Faith;  
Sacred Congregation for Catholic Education*



**“Ang pangangaral ng Ebanghelyo ay nangangahulugang pagpapalaganap sa Magandang Balita sa lahat ng antas ng sangkatauhan, at sa pamamagitan ng impluwensiya nito bigyan-daan ang pagbabago ng ka-looban ng sangkatauhan at pagpapanibago dito...”**

**Evangelii Nuntiandi, Pope Paul VI**

## Paano natin ipangangaral ang Ebanghelyo?

**Tahanan**— sama-samang nagdarasal; isama ang pananampalataya sa bawat aspekto ng buhay; ibahagi ang mga gawain sa maghapon; sama-samang sumamba; magdasal sa tahanan; ituro ang mga mabubuting bagay; gumawa ng mabuti katulad ng pagboboluntaryo...

Gawing modelo ang pag-uugali ni Kristo – pagsasabuhay sa mga pinahahalagahan ng Ebanghelyo—hal., ano ang gagawin ni Jesus?

**Paaralan**—pagsisimba nang salo-salo bilang isang komunidad ng paaralan; pakikipagtulungan ng magulang; pang-araw-araw na dasal; aksyon para sa hustisyang panlipunan; pilgrimage; pananampalataya sa mga gawain; pamilya ng mga paaralan; mga programang pantulong; Mga Komite ng Kultura ng Buhay at marami pa.

**Parokya**—pagtitipon bilang komunidad ng parokya at pagsasalo sa liturhiya at buhay pang-sakramento; pagsasabuhay sa ating pananampalataya sa pagsali sa mga ministriya at grupo sa parokya (CWL, Knights of Columbus, Mga Grupo ng Pananampalataya, Mga Grupo ng Kabataan, koro, atbp.); pagiging isang lugar na bukas sa lahat.

## Batay sa ating pananampalataya, ano ang ating misyon?

- Mamuno sa pamamagitan ng magandang halimbawa
- Ipalaganap ang magandang balita
- Tandaan ang mga turo ng ating pananampalataya at gamiting gabay ang mga turong ito sa bawat aspekto ng buhay
- Gumawa ng mga desisyon na naaayon sa ating pananampalatayang Katoliko
- Maging matapang
- Magbasa ng mga libro na nagpapatibay sa ating pag-unawa sa ating pananampalataya
- Sumali sa mga gawain at programang batay sa pananampalataya
- Isagawa ang pananampalataya!

## May halaga ba ang pangangaral ng Ebanghelyo?

Tungkulin natin bilang mga Kristiyano na ipalaganap ang magandang balita. Sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, tayo ay:

- Nagbibigay ng pag-asa sa nalulungkot, nag-iisa at naaapi
- Modelo ng pagmamahal ng Diyos sa mundo
- Nagpapakita ng pagmamahal sa gawa sa pamamagitan ng ating mga gawaing pagkakawang-gawa

Makapagdadala tayo ng mga tao sa ating mapagmahal na Diyos.

Sinusuportahan ng pangangaral ng Ebanghelyo ang pagtatatag ng mga personal na ugnayan kay Kristo.



## Edukasyong Pang-Katoliko:

(Ang sumusunod na sipi ay hango sa *Simposium ng Magulang sa St. Thomas More Catholic Secondary School noong 2009*)

Pinag-aalab ang pananampalataya ng bawat tao

Inaalagaan at pinapalakas ang ating kaligtasan

Ay nakasentro kay Kristo

Ipinapakita ang daan sa pamamagitan ng ating mga gawa

Inilalapat ang mga tao sa Diyos, kapwa mga naniniwala at di-naniniwala na nagbibigay-kahulugan sa buhay ng tao

Tinutulungan tayo sa ating tungkuling ipalaganap ang magandang balita

Itinataguyod ang mga pinahahalagahan

Bukas at kasali ang lahat—kasabihan ng Lupon na “bawat isa kasali”

Hinahatid ang kahalagahan ng Diyos sa sekular na lipunan

Nagbibigay sa atin ng tibay at pag-asa

Ay kultura ng hustisya at kawang-gawa

Ipinagdiriwang ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng mga liturhiya, dasal.....

“Ipinahahayag din ng sagradong konseho na ito na may karapatan ang mga bata at kabataang maengganyo upang suriin ang mga moral na pinahahalagahan gamit ang tamang konsensiya, upang yakapin ang mga ito nang may personal na paninindigan, kasama ang mas malalim na kaalaman at pagmamahal sa Diyos.”

*Declaration on Christian Education; Pope Paul VI*

## Taon ng Dasal Pampamilya

Diyos sa lahat ng panahon at lugar,  
Nawa’y kasama ka namin sa aming pagdarasal.  
para sa mga pamilyang nahihirapang makipag-usap sa isa’t isa nang may pagmamahal,  
para sa mga pamilyang ikinalulugod ang pagiging sama-sama,  
para sa mga pamilyang nagkukulang, at nahihirapang matugunan ang mga pangangailangan sa buhay,  
para sa mga pamilyang sama-samang nagbabasa ng iyong salita,  
para sa mga pamilyang nahihirapang magkaroon ng oras para sa isa’t isa,  
para sa aking pamilya,  
para sa mga pamilya sa aking komunidad,  
para sa mga pamilya sa aming parokya,  
para sa mga pamilya sa buong mundo,  
para sa lahat ng pamilya, dasal namin na madama nila ang iyong pagmamahal upang masalamin ang iyong pagmamahal sa pamamagitan nila.  
Hiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon. Amen.

## Mga Mapagkukunan

- [www.vatican.va](http://www.vatican.va)
- [www.hamiltondiocese.com](http://www.hamiltondiocese.com)
- [www.hwcdsb.ca](http://www.hwcdsb.ca)

## Nais pasalamatan ng Konseho ng St. Thomas More Catholic Secondary School ang:

PRO Grant, Ministriya ng Edukasyon sa Ontario

Teresa Hartnett, Direktor, Opisina ng Ministriya, Edukasyong Pampamilya at Pang-edukasyon, Diocese ng Hamilton

Konseho ng Regina Mundi Catholic School

Konseho ng St. Catherine of Siena Catholic School

Konseho ng St. Jerome Catholic School

Konseho ng St. Michael Catholic School

Konseho ng St. Vincent de Paul Catholic School

Palmese PhotoDesign Group Inc.

# Nakaugat sa Pananampalataya: Tayo ay Pamilya

*Tahanan, Parokya, Paaralan*

